GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

WorkCoverWA

Kabayaran ng mga Manggagawa at Pamamahala ng Pinsala:

Isang Gabay para sa Mga Manggagawa

Ang plano sa kabayaran ng mga manggagawa at pamamahala ng pinsala na gumagana para sa lahat.

workcover.wa.gov.au

WorkCover WA

2 Bedbrook Place, Shenton Park WA 6008
Telepono: (08) 9388 5555

Serbisyo sa Payo at Tulong: **1300 794 744**
(8:30n.u. hanggang 4:30n.h., Lunes hanggang Biyernes)

Bisitahin **workcover.wa.gov.au**

Tungkol sa WorkCover WA

Ang WorkCover WA ang ahensya ng pamahalaan na may kapanagutan sa pangangasiwa tungkol sa plano ng kabayaran sa mga manggagawa at pamamahala ng pinsala sa Kanlurang Australia.

Kabilang dito ang pagmamasid sa pagtalima sa *Batas ng Pagbabayad sa Mga Manggagawa at Pamamahala ng Pinsala 2023 (Workers Compensation and Injury Management Act 2023)*, nagpapabatid at nagtuturo sa mga manggagawa, taga-empleyo at iba pa tungkol sa kabayaran sa mga manggagawa at pamamahala sa pinsala at pagbibigay ng isang independiyenteng sistema sa pagreresolba ng pagtatalo.

Napapanahon itong lathala ng Hulyo 2024.

Pagtatatwa

Itong lathala ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa kabayaran sa mga manggagawa at pamamahala ng pinsala. Ito ay ipinasadya sa pagbibigay ng pangkalahatang impormasyon lamang. Hindi ka dapat kumilos o huwag kumilos batay sa anumang nilalaman nito. Dapat basahin ang gabay na ito kasama ang *Workers Compensation and Injury Management Act 2023*. Kung kaugnay ng isang partikular na usapin, dapat kang humingi ng legal/propesyonal na pagpapayo.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng WorkCover WA. Ang batas ng kabayaran sa mga manggagawa ay makukuha rin sa website ng Parliamentary Counsel's Office sa legislation.wa.gov.au

© 2024 WorkCover Western Australia. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Ang pinsala sa trabaho ay may mga malaking epekto para sa iyong personal at propesyonal na buhay. Ang mga batas sa kabayaran ng mga manggagawa sa WA ay may layuning mapabawasan ang epekto ng pinsala sa lugar ng trabaho sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang napinsalang manggagawa ay patas na nababayaran habang wala silang kakayahan na makapagtrabaho at nasusuportahan sa pagbabalik sa trabaho pagkaraan na mapinsala.

Binabalangkas ng gabay na ito ang impormasyon para makatulong sa mga napinsalang manggagawa na maunawaan kung paano gumagana sa WA ang kabayaran ng manggagawa, kung paanong mahusay na pamahalaan ang kanilang paghahabol para sa bayad-pinsala at kung paano matiyak na magkaroon ng pinakamahusay na posibleng kalalabasan matapos ang isang pinsala.

Ang karagdagang impormasyon at pantulong na mga pagkukunan ay maa-access sa website ng WorkCover WA.

Makapagbibigay din ng dagdag na impormasyon at mga paliwanag sa mga paksang tinukoy sa gabay na ito ang Serbisyo sa Payo at Tulong (Advice and Assistance Service) ng WorkCover WA.

Mga Nilalaman

Seksyon 1 | Pag-uunawa sa Kabayaran ng mga Manggagawa

Plano sa kabayaran ng mga manggagawa **4**

Mga paghahabol sa kabayaran ng mga manggagawa **5**

Ang mga pribilehiyo sa kabayaran ng mga manggagawa **6**

Seksyon 2 | Ang proseso ng paghahabol

Ang paggawa ng paghahabol **8**

Pagtanggap ng bayad-pinsala **10**

Seksyon 3 | Pamamahala ng Pinsala

Mga ginagampanan at tungkulin **12**

Seksyon 4 | Mga Ginagampanan at Tungkulin

Mga manggagawa **14**

Mga taga-empleyo **14**

Mga tagaseguro **15**

Naggagamot na mga doktor **15**

Mga aprubadong tagabigay ng rehabilitasyon sa lugar ng trabaho **15**

Seksyon 1 Pag-uunawa sa Kabayaran ng mga Manggagawa

Plano sa kabayaran ng mga manggagawa

Ano ang kabayaran ng mga manggagawa?

Ang kabayaran ng mga manggagawa ay isang pinansyal na kabayarang ibinibigay sa mga manggagawa na nagkapinsala dahil sa kanilang trabaho.

Maaaring makabilang dito ang bayad-pinsala para masakop ang pagkawala ng kinita, permanenteng kapansanan, gastos sa pagpapagamot at rehabilitasyon sa lugar ng trabaho para matulungan sila sa pagbabalik sa trabaho.

Ang sinumang manggagawa na dumanas ng kaugnay-sa-trabahong pinsala o pagkakasakit na nangangailangan ng pagpapagamot o pagliban sa trabaho ay kwalipikadong maghabol sa kabayaran ng mga manggagawa, na hindi alintana kung sinuman ang may kasalanan.

Ang kabayaran ng mga manggagawa sa WA

Ang plano sa kabayaran ng mga manggagawa sa Kanlurang Australia ay pinamamahalaan ng WorkCover WA sang-ayon sa *Workers Compensation and Injury Management Act 2023* (the Act). Ang Batas ay may dalawang pangunahing mga pakay:

- pagtitiyak na ang mga pinsala sa lugar ng trabaho ay napapangasiwaan sa palakad na madali at ligtas na makabalik sa trabaho ang manggagawa
- pagtitiyak na ang napinsalang manggagawa ay nabayaran sa pagkawala ng mga kita, mga gastos sa pagpapagamot at nauugnay na gastusin habang hindi sila makapagtrabaho.

Ang mga taga-empleyo ay kinakailangang magpanatili ng seguro sa kabayaran ng mga manggagawa sa isang lisensyadong kompanya ng paseguro o maging lisensyado bilang isang nagseguro-sa-sarili.

Sinasaklawan ng plano ang mga buong oras, bahaging oras, at kaswal na mga empleyado at sa ilang mga sitwasyon, mga kontratista at subkontractor.

Mga Karapatan at tungkulin sa ilalim ng Batas

Ang mga karapatan at obligasyon ng mga taga-empleyo, manggagawa, at iba pang mahalagang mga partido sa plano ay nakatukoy sa ilalim ng Batas. Ayon sa batas, ang mga taga-empleyo ay kinakailangang magkaroon ng napapanahong polisiya ng seguro para sa kabayaran ng mga manggagawa na saklaw ang lahat ng mga manggagawa at isang sistema ng nakadokumentong pamamahala ng pinsala para sa kanilang lugar ng trabaho. Ang mga taga-empleyo, tagaseguro at sariling-seguro ay dapat na magtiyak na anumang paghahabol sa kabayaran ng mga manggagawa ay pinamamahalaan ng sang-ayon sa Batas.

Ang *Insurer and Self-insurer Principles and Standards of Practice, Workplace Rehabilitation Providers Principles and Standards of Practice and Insurance Brokers Principles and Standards of Practice* ng WorkCover WA ay nagtitiyak ng mataas na mga pamantayan ng serbisyo na maibibigay sa mga taga-empleyo at mga manggagawa.

Ang iba pang mahahalagang mga partido sa plano ay kinabibilangan ng naggagamot na mga doktor at mga tagabigay ng serbisyong rehabilitasyon sa lugar ng trabaho. Ang bawa't partido ay gumagawa ng mahalagang gawain sa proseso ng kabayaran ng mga manggagawa, nakikipagtulungan ng mabuti sa mga taga-empleyo at manggagawa upang mabawasan ang epekto ng mga pinsala sa lugar ng trabaho para sa lahat ng mga apektadong partido.

Seguro sa kabayaran ng mga manggagawa

Pinoprotektahan ng seguro sa kabayaran ng mga manggagawa ang mga manggagawa at kanilang mga taga-empleyo mula sa pinansyal na epekto ng mga kaugnay-sa-trabahong pinsala sa pamamagitan ng tinumbasang pagbabayad para sa mga gastusin at gastos sa paghahabol ng kabayaran. Sa pangyayaring nagkaroon ng pinsala, ang taga-empleyo ay makikipag-ayos sa kanilang tagaseguro tungkol sa pagtatasa at pamamahala ng paghahabol.

Ngunit magkakaroon ng mga okasyon, na ang napinsalang manggagawa ay makikipag-ayusan ng direkta sa tagaseguro (halimbawa, kaugnay ng mga pagrerepasong medikal o bayad sa mga gastos pangmedikal).

Mga paghahabol sa kabayaran ng mga manggagawa

Ako ba ay nararapat sa paghahabol ng kabayaran ng mga manggagawa?

Ikaw ay nararapat sa paghahabol ng kabayaran ng mga manggagawa kung dumanas ka ng pinsala habang nasa trabaho at ikaw ay nakatukoy sa batas bilang isang manggagawa.

Kabilang sa depinisyon ng Batas sa manggagawa ang:

- mga manggagawa na buong-oras na swelduhan o sinasahuran
- mga manggagawa na di-buong oras, kaswal, at pana-panahon (seasonal)
- mga manggagawang nangungumisyun (commission)
- mga manggagawa na paisa-isang trabaho.

Sa ilang mga pangyayari, maaaring kabilang din ang:

- mga kontratista at subkontractor
- mga nagtatrabahong direktor.

Kung hindi ka nakatitiyak tungkol sa mga termino ng pagkasaklaw ng seguro sa iyong pagka-empleyo para sa kabayaran ng mga manggagawa, tawagan ang Serbisyo sa Payo at Tulong (Advice and Assistance Service) ng WorkCover WA.

Paano ang paggawa ng isang paghahabol?

Para gumawa ng isang paghahabol sa kabayaran ng mga manggagawa, kakailanganin mo una ang isang doktor para magpatunay sa sanhi ng iyong pinsala ay kaugnay-sa trabaho. Kung tinukoy ng naggagamot na doktor na ang pinsala ay kaugnay sa trabaho, maglalabas sila ng Unang Sertipiko ng Kakayahan (Certificate of Capacity) na magbabalangkas sa klase at lawak ng iyong pinsala, ang iyong kakayahan para magtrabaho at anumang mga paghihigpit sa mga tungkulin sa trabaho nang dahil sa pinsala.

Ikaw at ang iyong taga-empleyo ay kakailanganin ding magkumpleto ng isang Pormularyo ng Paghahabol sa Kabayaran ng mga manggagawa (Workers Compensation Claim Form), na magbibigay ng mga detalye kung saan at kailan naganap ang pinsala, ang mga sitwasyong napapalibot sa pinsala at anumang mga nagpadagdag na mga kadahilanan. Ang Pormularyo ng Paghahabol at ang Unang Sertipiko ng Kakayahan ay isusumite sa tagaseguro ng taga-empleyo, na gagamitin ang nakatalang impormasyon upang tasahin ang iyong pagkamarapat sa pag-access ng mga pribilehiyo sa kabayaran ng mga manggagawa. Ang detalyadong impormasyon kung paano ang paggawa ng paghahabol at kung paano ito pinamamahalaan ay nakabalangkas sa Seksyon 2: Ang Proseso ng Mga Paghahabol.

Seksyon 1

Ang mga pribilehiyo sa kabayaran ng mga manggagawa

Kung ang iyong paghahabol ay tinanggap, maaari kang marapat na tumanggap ng mga kabayaran upang matumbasan ang pagkawala ng kinita, mga gastos sa medikal, pangkalusugan at sari-saring gastusin, rehabilitasyon sa lugar ng trabaho, gastos sa pagbibiyahe at permanenteng kapansanan (kung naaangkop).

Pangkalahatang Pinakasagad na Halaga

Inilalapat ang mga paglimita sa kabuuan (total) na mga bayad o halaga ng bayad-pinsala (compensation) na iyong matatanggap para sa iba't-ibang mga pribilehiyo (entitlements) sa kahabaan ng buhay ng iyong paghahabol. Ang pinakasagad (maximum) na halaga ng mga pagbabayad ay ina-adjust taon-taon.

Para sa kasalukuyang mga halaga ng bayad, kausapin ang tagaseguro ng iyong taga-empleyo o magtungo sa website ng WorkCover WA.

Mga pangkalahatang pribilehiyo

Bayad-pinsala sa kinita

Ang mga pagbabayad para tumbasan (compensate) ang pagkawala ng kita ay kilala sa tawag na mga kabayarang bayad-pinsala sa kinita (income compensation payments). Ang dalas ng pagbabayad ay maaaring lingguhan, tuwing dalawang linggo o buwanan, depende sa kung paano ka karaniwang sinuswelduhan. Kinukwenta ang mga bayad-pinsala sa kinita batay sa noong bago pa nangyari ang pinsala na karaniwang mga kinita (average earnings) sa nagdaang 12-buwan na panahon para sa mga manggagawang nasa award at non-award (o panahon ng pagka-empleyo kung mababa sa isang taon).

Ang paghakbang pababa sa 85% noong bago mapinsala na antas sa sweldo ng manggagawa ay ilalapat pagkaraan ng 26 na linggo ng pagbabayad, na napapailalim sa mga halagang minimum at maximum. Maging anuman ang iyong mga kondisyon sa pagka-empleyo at pasweldo, ang mga halaga ng bayad-pinsala sa kinita (income compensation) na mga halaga ay nakapirmi (capped) sa doble ng karaniwang lingguhang mga kinita (average weekly earnings) para sa isang nasa edad na tao sa WA.

Mga gastos sa medikal at pangkalusugan

Kabilang sa mahahabol mong mga gastos sa medikal at pangkalusugan ang:

- mga gamot
- pagdalo na pang-medikal o pagpa-opera
- paggagamot ng mga ispesyalista
- gastos sa pagpapa-ospital
- pang-dental
- kaalyado sa kalusugan na pagpapagamot (kabilang ang physiotherapy, chiropractic acupuncture, osteopathy, mental health social work, occupational therapy, psychology, speech pathology at batay-sa-ehersisyo na mga programa).

Ang tagaseguro ng iyong taga-empleyo ay kakailanganin lang magbayad ng resonableng mga gastos na nakapirmi sa mga antas ng tagabigay ng serbisyo sa medikal at pangkalusugan.

Ang mga antas na nasa panahon (current rates) ay nakalathala sa website ng WorkCover WA.

Mga gastos sa rehabilitasyon sa lugar ng trabaho

Nararapat kang maghabol ng mga bayad para matumbasan ang gastos sa mga serbisyo ng rehabilitasyon sa lugar ng trabaho na ibinibigay ng isang aprubadong tagabigay ng serbisyo kung kailangan mo ng tulong para manatili, o makabalik sa trabaho makaraan ang pinsala.

Ang karagdagang impormasyon ay nakabalangkas sa mga serbisyo ng rehabilitasyon sa lugar ng trabaho sa Seksyon 3: Pamamahala ng Pinsala.

Mga sari-saring gastos

Ang bayad-pinsala sa sari-saring gastos ay binabayaran bilang karagdagan sa mga medikal at pangkalusugan na gastos.

Walang hangganan sa mga gastos na ito, at kabilang dito ang:

- unang-lunas at pang-emergency na pagtransporte
- isang wheelchair o katulad na gamit
- isang pang-opera na kagamitan (appliance) o artipisyal na paa/kamay (limb)
- pagbibiyahe
- pagtatasa sa katindian (degree) ng permanenteng kapansanan(impairment).

Bayad-pinsala sa permanenteng kapansanan (impairment)

Ang bayad-pinsala sa permanenteng kapansanan ay maaari ding makuha (available) para sa mga manggagawa na dumanas ng permanenteng kapansanan nang dahil sa kaugnay-sa-trabaho na pinsala. Ang pagkamarapat sa bayad-pinsala, pati na ang total na mga halaga (amount) na dapat bayaran(payable) ay nakabatay sa isang pagtatasa sa katindian (degree) ng permanenteng kapansanan ng isang manggagawa (ipinahayag sa porsiyento) ng isang Aprubadong Tagatasa ng Permanenteng Kapansanan (Approved Permanent Impairment Assessor (APIA)). Ang bayad-pinsala sa permanenteng kapansanan ay mababayaran lamang (only payable) qqbilang bahagi ng pinagkasunduan (settlement) ng paghahabol ng manggagawa.

Pagtatasa ng kapansanan

Ang APIA ay isang manggagamot (medical practitioner) na aprubado ng WorkCover WA para magtasa (assess) sa katindian (degree) ng permanenteng kapansanan sanhi ng kaugnay-sa-trabaho na pinsala. Isinasagawa lamang ang mga pagtatasa sa kapansanan kapag ang kalagayan ng manggagawa ay naging matatag na (stabilized) at hindi na magbabago.

May karapatan kang pumili ng sarili mong APIA para sa isang pagtatasa. Ang isang listahan (register) ng APIA pati na ang mga detalye sa pagkontak ay makukuha sa website ng WorkCover WA.

Mga Pagkakasunduan

Ang isang aregluhang kasunduan (settlement agreement) ay tinatapos ang isang paghahabol na may isang-bigay na malaking bayad (lump sum). Ang mga aregluhang kasunduan na nagbibigay ng lump-sum na bayad-pinsala ay dapat nakarehistro sa WorkCover WA. Kailangang matupad muna ang ilang kriterya bago pa pwedeng iparehistro ang aregluhang kasunduan.

Karaniwang batas

Maaaring kwalipikado kang tumugis ng paghahabol para sa danyos (damages) laban sa iyong taga-empleyo sa pamamagitan ng mga hukuman kung ang iyong pinsala ay nangyari dahil sa kapabayaan (negligence) ng iyong taga-empleyo. May mga paghihigpit na inilalapat pati na ang pangangailangang irehistro ang isang pagpili (election) na may natasang kapansanan sa kabuuan ng pagkatao (whole of person impairment) na 15% o higit pa.

Mga iba pang klase ng bayad-pinsala (Other types of compensation)

Pagkawala ng Pandinig Dulot ng Kaingayan (Noise Induced Hearing Loss) (NIHL)

Kung ang paniwala ng isang manggagawa na ang pagkawala ng kanilang pandinig ay dahil sa pagkakalantad sa ingay sa lugar ng trabaho, maaaring kwalipikado tumugis ng paghahabol ng kabayaran sa mga manggagawa para sa NIHL. Ang hangganan (threshold) para sa umpisang paghahabol na hindi bababa sa 10% NIHL.

Mayroong dalawang-hakbang na proseso sa paghahabol ng bayad-pinsala para sa NIHL, na magsisimula sa audiological na pagsusuri bago pa tumuloy sa isang pagtatasa para sa NIHL. Ang bayad-pinsala ay ibabayad bilang isang lump sum na aabot sa 75% ng General Maximum Amount, at ibinabayad bilang isang bahagi ng tinasang NIHL.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng WorkCover WA.

Sakit mula sa alikabok

Ang pneumoconiosis, silicosis, mesothelioma, kanser sa baga (lung cancer) at diffuse pleural fibrosis – ang bawa't isa ay tinutukoy bilang isang sakit mula sa alikabok (dust disease) – ay nasasaklawan sa ilalim ng pagpapalagay na kaugnay-sa-trabahong pinsala.

Ang mga paghahabol sa dust disease ay isinasangguni sa Dust Disease Medical Panel (DDMP) para sa pagpapasya (determination).

Gumagawa ang DDMP ng mga umiiral na mga pagpapasya sa mga katanungan na kaugnay sa diyagnosis ng sakit, gaano kalala ang anumang pagkawala ng kakayahan (may kaugnayan kung ang paghahabol ay ukol sa bayad-pinsala sa kita) at ang katindian ng permanenteng kapansanan (may kaugnayan kung ang paghahabol ay ukol sa permanenteng kapansanan at/o access sa karaniwang batas).

Pagkamatay sa lugar ng trabaho

Kapag ang isang manggagawa ay namatay nang dahil sa kaugnay-sa-trabahong pinsala, ang paghahabol para sa bayad-pinsala ay maaaring isagawa ng mga nakadepende sa manggagawa (dependant(s). Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang Serbisyo sa Payo at Tulong (Advice and Assistance Service)ng WorkCover WA o bisitahin ang website ng WorkCover WA.

Seksyon 2 Ang proseso ng paghahabol

Ang paggawa ng paghahabol

Dapat gawin ang mga hakbang na ito matapos mangyari ang pinsala sa trabaho:

- Kaagad humanap ng unang lunas at iulat ang ang iyong aksidente o pinsala sang-ayon sa mga patakaran at polisiya ng pag-uulat ng insidente ng iyong taga-empleyo.
- Gumawa ng appointment na makipagkita sa isang manggagamot na gusto mo sa lalong madaling panahon para sa paggagamot at pagtatasa ng iyong pinsala.
- hilingin sa iyong doktor na bigyan ka ng Unang Sertipiko ng Kakayahan (First Certificate of Capacity).
- Humingi sa iyong taga-empleyo ng Pormularyo ng paghahabol sa kabayaran ng Mga Manggagawa (Workers Compensation Claim Form) o mag-download ng kopya mula sa website ng WorkCover WA.
- Kumpletohin ang seksyon para sa manggagawa ng Pormularyo ng Paghahabol at ibigay sa iyong taga-empleyo kasama ang iyong Sertipiko ng Kakayahaan. Magtabi ng parehong mga kopya para sa iyong mga record.
- Kailangang kumpletohin ng taga-empleyo ang kanyang seksyon sa Pormularyo ng Paghahabol at isumite na kasama ang Sertipiko ng Kakayahan sa kanilang tagaseguro sa loob ng pitong araw mula nang matanggap ang mga dokumento galing sa iyo.

Kailangang nagawa mo ang iyong paghahabol hangga't sa makakaya sa loob ng 12 buwan matapos ang pagkapinsala.

Magtabi ng mga kopya ng iyong mga Sertipiko ng Kakayahan at Pormularyo ng Paghahabol para sa iyong record at pagsasangguni kung kinakailangan.

Ang unang punto ng kontak para sa anumang natatanging mga pagtatanong ay sa iyong manedyer o superbisor sa trabaho, hanggang sa ang paghahabol ay naisulong na ng taga-empleyo sa tagaseguro.

Ang iyong unang medikal na appointment

Dapat kang magsagawa ng isang appointment para makipagkita sa manggagamot na gusto mo sa lalong madaling panahon matapos ang pinsala. Habang nasa appointment na ito, ang naggagamot na doktor ay magtatasa ng iyong pinsala at mag-iisyu sa iyo ng Unang Sertipiko ng Kakayahan.

Kailangang magbigay ka sa doktor ng lahat ng mga may kaugnayang impormasyon ng iyong pinsala upang matiyak na makukumpleto nila nang lubos at wasto ang Sertipiko ng Kakayahan. Ang impormasyong ibibigay ng iyong doktor sa sertipiko na ito ay may malaking impluwensya sa mga kapasyahan tungkol sa iyong paghahabol. Ang Sertipiko ng Kakayahan ay:

- magbibigay ng diyagnosis ng iyong pinsala
- magpapatunay sa kakayahan mo para magtrabaho at gaano katindi (total o partial)
- magtutukoy sa klase ng anumang mga tungkulin na kaya mong gampanan at klase ng mga paghihigpit (restrictions)
- magtutukoy kung gaano katagal na matatantiyang magpapatuloy ang walang kakayahang makapagtrabaho
- magbabalangkas ng isang plano sa hinaharap para sa darating na mga appointment at kung ano pa ang ibang mga panukalang medikal na paggagamot.

Pagtatasa ng paghahabol

Matapos matanggap ang mga dokumentasyon, maaaring tumawag ang isang case manager na inilaan sa iyo ng iyong taga-empleyo, sa iyong taga-empleyo, sa iyong naggagamot na doktor para sa karagdagang impormasyon upang matasa ang pananagutan sa paghahabol. Ang tagaseguro ay may 14 na mga araw para abisuhan ka at ang iyong taga-empleyo ng kanilang kapasyahan.

Habang tinatasa ang iyong paghahabol

Mga gastos sa medikal

Ikaw ang may tungkulin para sambutin muna ang mga gastos ng iyong pagpapagamot sa iyong pinsala hanggang sa magkaroon ng kapasyahan tungkol sa pananagutan (liability) na manggagaling sa tagaseguro ng iyong taga-empleyo. Mahalagang itatago mo ang lahat ng mga resibong binayaran sa panahong ito. Itong mga nagastos ay ibabalik-bayad kapag ang iyong paghahabol ay tinanggap.

Mga hindi obligadong bayad sa leave

Habang naghihintay ng kapasyahan sa iyong paghahabol, mangyaring makipag-usap sa iyong taga-empleyo ng mapagpipilian na bayaran ka sa anumang naipon na bakasyon (accrued leave), katulad ng taunan (annual) o sick leave, nang dahil hindi ka pa makapagtatrabaho sa panahong ito. Kung isasaalang-alang mo ang opsyon na ito, kailangang mong tandaan na:

- na ang mga leave payment ay hindi kapalit sa workers compensation
- ang pagtanggap ng mga bayad sa bakasyon (leave) ay boluntaryo at hindi makakaapekto sa mga dapat na matanggap (entitlements) na kabayaran sa mga manggagawa sa anumang paraan
- ang mga dapat matanggap na leave (leave entitlements) ay ikekreditong pabalik sa iyo kapag tinanggap na ang iyong paghahabol.

Mga pansamantalang bayad

Ang mga pansamantalang bayad ay dapat ibayad ng tagaseguro kung kakailanganin niya ang mahigit 28 na mga araw pagkatanggap ng iyong paghahabol para ipaalam sa iyo ang kapasyahan ng pananagutan. Ang mga pansamantalang bayad ay binubuo ng mga bayad sa bayad-pinsala sa kita at limitadong halaga para sa medikal at pangkalusugan na mga gastos at titigil kapag may kapasyahan na sa paghahabol.

Mga desisyon sa paghahabol

Ang tagaseguro ng iyong taga-empleyo ay kinakailangang magbigay abiso sa iyo at sa iyong taga-empleyo sa pamamagitan ng sulat, sa loob ng 14 mga araw mula sa pagkatanggap ng iyong paghahabol kung ito ay tinanggap, hindi tinanggap, o hindi pa magkapagpasya. Kung hindi makapagpasya, maglalabas ng paunawa ng pagpapaliban ng pasya. Magbibigay ang tagaseguro ng numero ng paghahabol (claim number) na dapat babanggitin sa lahat ng mga pagpapalitan ng sulat. Kung walang kasagutan na natatanggap mula sa tagaseguro sa loob ng 14 na mga araw, ituturing na ang paghahabol ay tinanggap at ang bayad-pinsala ay kailangang bayaran.

Mga mapagpipilian sa pagpapasya ng tagaseguro

- **Tinanggap** - mga dapat matanggap (entitlements) sa bayad-pinsala ay kailangang bayaran.
- **Hindi tinanggap** - walang bayad-pinsala na dapat bayaran (payable). Ipagbibigay-alam ng tagaseguro sa iyo at sa iyong taga-empleyo ang dahilan. Kung hindi ka sang-ayon sa kapasyahan, kailangang ipaalam mo sa tagaseguro na iparepaso ang kaso. Kailangang mag-apply ka sa Conciliation and Arbitration Services (CAS) ng WorkCover WA para sa tulong sa pagreresolba ng pagtatalo.
- **Ipinagpaliban na desisyon** – kung hindi magagawa ang kapasiyahan sa paghahabol sa loob ng 14 na mga araw, ipapaalam sa iyo ng tagaseguro na ang kapasyahan ay ipinagpaliban at ang mga dahilan nito. Kung ang paunawa sa kapasyahan ay hindi maibibigay sa loob ng 28 na mga araw mula sa pagkatanggap ng paghahabol, ang mga pansamantalang bayad ay magiging dapat bayaran na. Ang tagaseguro ay may maximum na 120 mga araw para magbigay ng paunawa sa kapasyahan sa pananagutan kung may dati nang naibigay na pagpapaliban ng kapasyahan. Ang pagkabigong gawin ito sa loob mga inilaang panahon ay maituturing na tinanggap ang paghahabol.

Seksyon 2

Paano gagawin ang paghahabol

Maghanap na pang-unang lunas at iulat ang pinsala sa iyong taga-empleyo

↓

Magpatingin sa isang doktor na gusto mo sa lalong madaling panahon at kumuha ng First Certificate of Capacity

↓

Sagutin ang iyong bahagi sa pormularyo ng paghahabol at ibigay ito kasama ang First Certificate of Capacity sa iyong taga-empleyo.

↓

Ang iyong taga-empleyo ay dapat sagutin ang kanilang bahagi sa pormularyo ng paghahabol at ibigay ito kasama ang iyong First Certificate of Capacity sa kanyang tagaseguro sa loob ng **pitong araw** matapos matanggap ang iyong pormularyo ng paghahabol

↓

Ang tagaseguro ay dapat sa loob ng **14 na araw** ay magtasa sa paghahabol at ipaalam sa iyo ang isa sa mga sumusunod

Tanggapin ang paghahabol	Hindi tinanggap ang paghahabol	Ipagpaliban ang paggawa ng desisyon
↓	↓	↓
Ang mga pribelihiyo sa kabayaran ng mga manggagawa ay magiging dapat nang bayaran	Walang babayarang mga dapat ibigay na pribelihiyo – maaaring labanan ng manggagawa itong desisyon	Walang babayarang mga pribelihiyo maliban kung hindi naibigay ang paunawa ng desisyon sa pananagutan sa loob ng tamang panahon

Pagtanggap ng bayad-pinsala

Mga kabayaran sa bayad-pinsala sa kinita

Kung ang iyong paghahabol ay tinanggap at nagpatunay ang iyong doktor na kailangan mong magpahinga muna sa trabaho dahil sa iyong pinsala, ikaw ay nararapat tumanggap ng mga kabayaran sa bayad-pinsala sa kinita dahil sa pagkawala ng kikitain.

Kukwentahin ng tagaseguro ng iyong taga-empleyo ang dapat bayarang mga bayad-pinsala sa kinita at aabisuhan ang iyong taga-empleyo kung anong mga tamang halaga ang ibabayad.

Dapat mag-umpisang magbayad ang iyong taga-empleyo sa loob na 14 na mga araw kapagka naabisuhan ng tagaseguro na tinanggap ang paghahabol at bayaran ka sa iyong karaniwang araw ng pagsusweldo. Magiging kasama sa bayad ang mga naipong dapat ibayad mula sa unang araw noong magsimula ang iyong walang kakayahan para magtrabaho. May mga parusa na ilalapat sa mga taga-empleyo na hindi nagbabayad sa oras.

Kailan ititigil ang bayad-pinsala sa kinita?

Ang iyong taga-empleyo ay kinakailangang magpatuloy ng pagbabayad sa iyo ng bayad-pinsala sa kinita maliban kung:

- umabot ka na sa hangganan (limit) sa dapat matanggap (entitlements) na bayad-pinsala sa kinita
- nagbigay ka ng permiso na itigil na ang pagbabayad
- ikaw ay bumalik na sa trabaho at inabisuhan ka na tungkol dito ng iyong taga-empleyo o ng kanilang tagaseguro
- ang iyong kabayaran sa mga manggagawa ay naging pinal na dahil sa aregluhang pagkakasunduan (settlement)
- pinili mong tumugis ng paghahabol sa pamamagitan ng karaniwang batas.

Ang iyong taga-empleyo ay maaaring mag-apply sa WorkCover WA para isuspinde o ipatigil ang mga bayad sa iyo ng bayad-pinsala ng kinita kung:

- mayroong ebidensyang medikal na ang pagkawalang kakayahan mo sa trabaho ay hindi dahilan ng pagkapinsala kaugnay sa trabaho
- hindi ka gumawa ng mga resonableng pagsisikap para makabalik sa trabaho o hindi ka tumatalima sa iyong mga obligasyon para makabalik sa trabaho
- nabigo kang dumalo sa isang medikal na pagrerepaso na isinaayos ng iyong taga-empleyo o kanilang tagaseguro.

Mga gastos sa medikal at pagkalusugang pagpapagamot

Saklaw bilang dapat matanggap (entitlement) sa kabayaran ng mga manggagawa ang mga resonableng gastos sa medikal at pangkalusugang pagpapagamot.

Kapag tinanggap ang iyong paghahabol, ipadala ang mga account at resibo na may kinalaman sa medikal at pangkalusugang pagpapagamot sa iyong taga-empleyo sa lalong madaling panahon. O bilang kapalit, maaaring ang tagaseguro ay may isinaayos na areglo ng paniningil sa doktor na naggagamot sa iyo o iba pang tagabigay ng serbisyo sa kalusugan.

Mga pagrerepasong medikal

May karapatan kang magpatingin sa doktor na gusto mo para sa paggagamot at pamamahala ng iyong pinsala. Ngunit, ang iyong taga-empleyo o kanilang tagaseguro ay maaaaring magsangguni sa iyo na magpatingin sa ibang doktor para sa pagrerepaso o pangalawang opinyon. Magpapagawa ng appointment ang tagaseguro para sa iyo at aabisuhan ka ng oras at petsa. Kung mabigo kang dumalo na walang resonableng kadahilanan, maaapektuhan ang iyong gumaganang mga dapat matanggap na mga bayad.

Hindi ka kakailanganing dumalo sa medikal na pagrerepaso nang mahigit sa isa sa loob ng dalawang-linggong panahon o sa anumang oras na hindi sakop ng mga resonableng oras.

Mga pagtatasa ng APIA

Ang isang pagtatasa mula sa APIA ay kakailanganin upang masukat ang porsiyento ng buong katawan ng tao sa kapansanan na dulot ng pinsala, o kung iyong gugustuhin na:

- mag-apply para sa lump sum na bayad-pinsala
- gumawa ng paghahabol ng danyos sa ilalim ng karaniwang batas (common law)
- mag-apply para sa mga pang-medikal na bayad sa hindi pangkaraniwang mga kalagayan.

Pakikipag-aregluhan ng iyong paghahabol

Ang karamihan sa mga paghahabol sa kabayaran ng mga manggagawa ay nagtatapos, na ang napinsalang manggagawa ay lubos na gumaling at nakabalik sa trabaho. Ngunit kung minsan, ang mga paghahabol ay maaari ding matapos sa pamamagitan ng aregluhang pagkakasundo.

Ang aregluhang pagkakasundo ay magtatapos ng iyong paghahabol sa kabayaran ng mga manggagawa. Kapag pumasok ka sa isang aregluhang pagkakasundo, hindi ka na dapat mabigyan ng anumang dagdag na bayad-pinsala sa iyong paghahabol, kabilang ang mga gastos sa medikal at bayad-pinsala sa kinita. Bago ka magpasiya sa pipiliing pakikipagkasundo, dapat kang humingi ng independiyenteng legal na payo o kontakin ang Advice and Assistance Service ng WorkCover WA para sa karagdagang impormasyon.

Ang pagtanggap ng aregluhang pagkakasundo ay makakaapekto sa iba pang mga benepisyo katulad ng Centrelink, buwis o pribadong paseguro sa kalusugan, kaya mahalagang kausapin ang mga tagabigay ng benepisyo mo bago gumawa ng pinal na pagpapasya.

Mga paghahabol sa ilalim ng karaniwang batas

Sa ilang mga pangyayari, maaari kang nararapat tumugis ng paghahabol ng danyos laban sa iyong taga-empleyo sa pamamagitan ng mga hukuman. Hindi katulad ng sistemang ‘walang-sala’ (‘no fault’) na kabayaran sa mga manggagawa, kailangang mapatunayan mo na ang iyong pinsala ay gawa ng kapabayaan (negligence) o iba pang kasalanan ng iyong taga-empleyo. Para maging marapat sa paghahabol sa ilalim ng karaniwang batas, dapat na mayroon kang 15% na buong katawan ng tao na kapansanan (impairment) na natasa ng isang APIA.

Kumplikado ang mga paghahabol sa common law at maaaring maapektuhan ang iyong dapat matanggap (entitlement) sa atas ng batas na kabayaran ng mga manggagawa.

Mahigpit na inirerekomendang humanap ka ng independiyenteng legal na pagpapayo bago tumugis ng common law na paghahabol.

Mga pagreresolba ng pagtatalo

Kung may mangyaring pagtatalo na hindi maresolba sa tagaseguro ng iyong taga-empleyo, ikaw o ang iyong taga-empleyo ay maaaring mag-apply sa Conciliation and Arbitration Services (CAS) ng WorkCover WA para sa tulong ng pagreresolba ng pagtatalo.

Nagbibigay ang CAS ng patas at matipid na sistema para sa pagreresolba ng mga pagtatalo sa mga problema sa kabayaran ng mga manggagawa o pamamahala ng pinsala. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng WorkCover WA.

Seksyon 3 Pamamahala ng Pinsala

Mga ginagampanan at tungkulin

Ang iyong taga-empleyo

Isinasang-ayon sa Batas na kailangang ang lahat ng mga taga-empleyo ay magkaroon ng nakadokumentong Sistema ng Pamamahala sa Pinsala na pinaiiral para mapadali ang paggaling ng napinsalang manggagawa at ligtas na makabalik sa trabaho.

Ang isang tao na nominado ng isang taga-empleyo para sa pang-araw-araw na katungkulan sa Sistema ng Pamamahala ng Pinsala at kalimitan ding gumaganap bilang punto ng pagkontak ng manggagawa sa panahon ng kanilang pagpapagaling. Dagdag pa sa kanilang mga legal na katungkulan, ang iyong taga-empleyo ay dapat magmentena ng patuloy na pakikipagkomunikasyon sa iyo, sa iyong naggagamot na doktor at sa tagaseguro at magbigay ng patuloy na suporta sa iyong paghahabol at pamamahala ng pinsala.

Ang iyong naggagamot na doktor

Ang naggagamot mong doktor ay magdidiyagnosis ng iyong pinsala, magbibigay ng pangunahing pangangalaga, magpapayo sa mga mapagpipiliang paggagamot at magpapatunay sa iyong kakayahang magtrabaho. Sa takdang panahon, ang naggagamot mong doktor ay maglalabas ng Progreso ng Sertipiko ng Kakayahan (Progress Certificate of Capacity) para ma-update ang iyong taga-empleyo at kanilang tagaseguro sa nagiging progreso mo, sa mga pangangailangan ng paggagamot mo at kakayahan para makabalik sa trabaho.

Ang iyong pagbabalik sa trabaho

Ang pakikipagtulungan mo sa iyong naggagamot na doktor at taga-empleyo at aktibong pakikisangkot sa pamamahala ng iyong pinsala ay magiging mahalagang bahagi sa iyong paggaling at ligtas na pagbabalik sa trabaho.

Ikaw ay kakailanganing gumawa ng resonableng pagsisikap para makabalik sa trabaho. Habang ikaw ay nagpapagaling sa pinsala, mahalagang lagi kang makikipagkita sa iyong naggagamot na doktor at sundin ang programa ng paggagamot na inirekomenda ayon sa iyong pinsala. Maaari ding kailanganin kang dumalo sa iba pang mga medikal na appointment kung kailangan o inareglo ng iyong taga-empleyo o ng kanilang tagaseguro. Kung hindi ka dumalo sa isang appointment na walang anumang dahilan, tiyakin na makapagbigay ka ng sapat na paunawa at gumawa ng kapalit na kaayusan.

Manatiling aktibo at positibo

Ang isang positibong lagay ng isip ay may malaking epekto sa iyong paggaling at pagrekober. Makakatulong ito na:

- manatiling nakikipagkontak sa iyong mga kabarkada
- makipag-usap sa iyong manedyer ng tungkol sa nababagay na kapalit na tungkulin sa trabaho kung sakaling ang naggagamot mong doktor ay magtasa sa iyo na may bahagyang kakayahan ka na para makabalik sa trabaho
- manatiling aktibo hangga't magagawa mo sa pamamagitan ng karaniwan mong mga aktibidad
- tumanggap ng tulong mula sa iyong pamilya at mga kaibigan
- magpokus sa kung ano ang magagawa mo imbes na sa hindi magagawa.

Pagbabalik sa trabaho

Ipinakikita ng pananaliksik na ang maagang pagbabalik sa trabaho (kahit nasa may paghihigpit na tungkulin) ay isang mahalagang hakbang sa iyong pagrekober at siyang pinakamahusay na resulta para sa mga napinsalang manggagawa.

Mahalaga para sa iyo na makipagtulungan sa iyong taga-empleyo, sa kanilang tagaseguro at sa naggagamot mong doktor para mapadali ang resulta. Mag-aabiso sa iyo at sa iyong taga-empleyo ang naggagamot mong doktor kung makakabalik ka na sa trabaho at anumang mga kondisyon na dapat mong sundin sa iyong pagbabalik.

Pagpapanatili ng iyong pagka-empleyo

Sa ilang mga kaso, ang kalubhaan o klase ng pinsala ay maaaring magpatigil sa iyo sa pagtatrabaho ng maraming linggo o mga buwan. Sa panahong ito, obligado ang iyong taga-empleyo na ipanatiling bukas ang iyong orihinal na pwesto sa loob ng 12 buwan para sa iyo, kwentado mula sa umpisa ng iyong unang pagkawala ng kakayahan para magtrabaho.

Kung ang posisyon ay nawala na nang bumalik ka sa trabaho o hindi mo na kayang gampanan ang trabaho, ang iyong taga-empleyo ay dapat magbigay sa iyo ng pwesto na kasintulad sa kinatatayuan at pasweldo, na kwalipikado ka at may kakayahayang gawin ito. Makikipagkunsulta sa iyo at sa naggagamot mong doktor ang iyong taga-empleyo para mapagpasiyahan ang naaangkop na kapalit.

Kung ang iyong taga-empleyo ay may tangkang legal na patigilin ka sa pagkaka-empleyo mo sa panahon ng 12 buwan, dapat silang magbigay ng nakasulat na paunawa sa iyo sa loob na 28 mga araw ng kanilang intensyong gawin ito. Hindi ka maaaring balewalain (dismiss) nang dahil o solong dahilan na ikaw ay nagkapinsala at kinailangang tumigil sa trabaho.

Pagbabalik sa trabaho na bahagyang binago ang mga tungkulin

Ang iyong taga-empleyo ay kakailanganing magbuo ng programa para makabalik ka sa trabaho kung may kakayahan kang makagawa ng ilang trabaho at sa klase ng iyong pinsala ay kakailanganin ang mga pagpabago o paghihigpit sa iyong tungkulin o oras sa trabaho. Ang iyong taga-empleyo ay kailangang makipagtulungan sa iyo, sa iyong naggagamot na doktor para makapagbuo ng programa sa pagbabalik sa trabaho.

Mga obligasyon mo sa pagbabalik sa trabaho

May ilan kang mga tungkulin kaugnay ng pagbabalik sa trabaho, kabilang ang:

- makipagtulungan sa iyong taga-empleyo at gumawa ng resonableng mga pagsisikap para makabalik sa trabaho
- sumali at makipagtulungan sa pagtatatag ng programa sa pagbabalik sa trabaho o pagkukumperensiya ng kaso sa pagbabalik sa trabaho
- tumalima sa anumang mga resonableng obligasyon na ipinataw sa iyo ayon sa programa ng pagbabalik sa trabaho, kabilang ang obligasyon na isagawa ang rehabilitasyon sa lugar ng trabaho.

Ang programa sa pagbabalik sa trabaho ay dapat nasa aprubadong pormularyo at kasali ang:

- mga detalye ng mga kalahok sa programa
- ang paglalarawan sa layunin ng programa ng pagbabalik sa trabaho at pagtutukoy ng mga pagtatrabahong oras at anumang mga tungkulin at paghihigpit
- ang mga aksyon na gagawin para mabigyang kakayahan ka na makabalik sa trabaho at kung sino ang mananagot sa mga aksyon na yaon.

Mga aprubadong tagabigay ng rehabilitasyon sa lugar ng trabaho

Ang isang aprubadong tagabigay ng rehabilitasyon sa lugar ng trabaho (WRP) ay maaaring makatulong sa iyo at sa iyong taga-empleyo kung nahihirapan kang magtukoy sa mga nababagay na mga gawain, o kung may mga hadlang na makakaapekto sa iyong pagbabalik sa trabaho.

Ang WRP ay makakatulong sa iyo at sa iyong taga-empleyo kung may mga problema sa proseso ng pagbabalik sa trabaho. Ang mga WRP ay aprubado ng WorkCover WA at may mga kwalipikasyon, karanasan, at kahusayan sa pagbibigay ng nababagay na mga serbisyo batay sa natasang pangangailangan ng manggagawa at ng lugar sa trabaho. Maaaring kasama sa mga serbisyo ang:

- bokesyonal na pagpapayo (vocational counselling)
- pagtatasa ng functional at vocational na kakayahan
- ergonomic na pagtatasa
- mga aktibidad sa pagpupwesto na nakapokus sa pagkuha ng bagong trabaho para sa manggagawa.

May makukuhang listahan ng aprubadong WRP sa website ng WorkCover WA.

Kung hindi ka sumali sa isang napagkasunduang programa ng pagbabalik sa trabaho, ang iyong taga-empleyo ay maaaring magsalang ng aplikasyon sa CAS para sa kautusan ng pagsuspinde, pagbawas o pati pagpatigil ng iyong mga bayad sa bayad-pinsala sa kinita.

Seksyon 4 Mga Ginagampanan at Tungkulin

Mga manggagawa

Paggawa ng paghahabol:

- iulat kaagad ang iyong pinsala sa iyong taga-empleyo
- magpatingin sa isang doktor na gusto mo sa lalong madaling panahon para makakuha ng First Certificate of Capacity
- Kumpletoin ang Workers Compensation Claim Form
- Isalang ang Claim Form at Certificate of Capacity sa iyong taga-empleyo
- dumalo sa medikal na pagsusuri, kung hiniling ng iyong taga-empleyo.

Pamamahala ng pinsala at pagbabalik sa trabaho:

- sumali sa napagkasunduang programa ng pagbabalik sa trabaho
- gawin sa lubos na makakaya ang napagkasunduang mga aksyon na nakabalangkas sa programa
- kaagad ipaalam sa iyong taga-empleyo kung nakaranas ka ng kahirapan sa paggawa ng anumang mga aksyon sa iyong programa
- ipagpatuloy ang pagdalo sa mga medikal at iba pang mga paggagamot na appointment na kinakailangan
- pumili ng aprubadong WRP kung kinakailangan
- sumali sa kaso ng kumperensya ng pagbabalik sa trabaho kung kinakailangan.

Mga taga-empleyo

Matapos ang isang paghahabol:

- isumite ang nakumpletong Claim Form at Certificate of Capacity sa kanilang tagaseguro sa loob ng pitong araw na pagkatanggap ng mga dokumentong ito galing sa iyo
- magbigay sa iyo ng mga detalye ng kontak ng kanilang tagaseguro kung gusto mong direktang kumontak sa kanila
- makipag-usap sa iyo tungkol sa pagbabayad ng sick, holiday, o long service leave bilang kapalit sa iyong sweldo habang ang iyong paghahabol ay tinatasa at hindi ka makapagtatrabaho
- magsimulang magbayad sa iyo ng bayad-pinsala sa kinita ayon sa pag-abiso ng tagaseguro.

Pamamahala ng pinsala at pagbabalik sa trabaho:

- magpairal ng Sistema ng Pamamahala sa pinsala
- makipagtulungan sa iyo at sa naggagamot na doktor para magbuo ng nababagay na programa ng pagbabalik sa trabaho kung kinakailangan
- isangguni ka sa isang WRP kung may problema sa proseso ng pagbabalik sa trabaho
- ipanatili ang iyong pwesto sa trabaho na nandiyan sa loob ng 12 buwan mula sa unang petsa ng pagkatigil sa trabaho, hangga't resonableng magagawa
- magbigay sa iyo ng pwestong katumbas sa katayuan at sweldo kung hindi mo na kayang gawin ang trabaho noong bago nagkapinsala
- magbigay ng paunawang 28 araw sa pamamagitan ng sulat kung tangkang patigilin ka na sa pagka-empleyo.

Mga tagaseguro

Pagkaraan ng isang paghahabol:

- gumawa ng may-kaalamang pagtatasa at pagpapasya kung tatanggapin ba o hindi ang iyong paghahabol
- ipaalam sa iyo at sa iyong taga-empleyo ang kapasiyahan sa loob ng 14 na araw na pagkasumite ng dokumentasyon ng paghahabol
- ipanatiling ipinapaalam sa iyo at sa iyong taga-empleyo ang mga mahalagang bagay na may kinalaman sa progreso ng iyong paghahabol
- magbigay sa iyo kaagad na pagpabalik bayad ng mga gastos mo sa paghahabol
- magpalakad ayon sa *Insurer and Self-insurer Principles and Standards of Practice.*

Pamamahala ng pinsala at pagbabalik sa trabaho:

- pakikipagtulungan sa iyo at sa iyong taga-empleyo para maabot ang positibong resulta sa pagbabalik sa trabaho
- ikunsidera ang anumang pagsasangguni sa isang WRP na may pakikipagkunsulta sa iyo at sa iyong taga-empleyo.

Naggagamot na mga doktor

Pagkaraan ng isang pinsala:

- tasahin ang iyong pinsala at magbigay ng pang-unang diyagnosis
- magbigay sa iyo ng nakumpletong First Certificate of Capacity
- magbigay ng payo sa mga paghihigpit sa trabaho na maaaring mailalapat sa iyo
- magbigay ng patuloy na Certificates of Capacity na nagpapayo sa iyong taga-empleyo tungkol sa iyong kakayahang magtrabaho at ang mga pangangailangan sa patuloy na paggagamot.

Pamamahala ng pinsala at pagbabalik sa trabaho:

- repasuhin ng regular ang progreso at magbigay ng Progress Certificate of Capacity sa bawa't pagrepaso kung ikaw ay lubos na nakarekober sa pinsala
- magbigay ng nakasulat na pagpapayo na nagtutukoy ng pangangailangan ng programa sa pagbabalik sa trabaho kung kinakailangan
- makipagtulungan sa iyo at sa iyong taga-empleyo na magbuo ng nababgay na kapalit na gawain na ligtas at kasintulad sa kalagayan at pasweldo
- magbigay ng Pinal na Sertipiko ng Kakayahan kapag ikaw ay lubos na nakarekober.

Mga aprubadong tagabigay ng rehabilitasyon sa lugar ng trabaho

Pamamahala ng pinsala at pagbabalik sa trabaho:

- isagawa ang pang-unang pagtatasa
- pag-usapan ang mga napag-alaman sa pang-unang pagtatasa sa iyo at iyong taga-empleyo at magbuo ng isang plano ng paghahatid ng serbisyo kung kinakailangan
- magpalakad sang-ayon sa *Workplace Rehabilitation Providers Principles and Standards of Practice*.

GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

WorkCoverWA

Kailangan ng karagdagang tulong?

Tawagan ang Serbisyo ng Payo at Tulong ng WorkCover WA sa **1300 794 744** (8:30n.u. hanggang 4:30n.h., Lunes hanggang Biyernes)

Bisitahin ang **workcover.wa.gov.au**